# Balitang Manmin

BILANG 165 OKTUBRE 2, 2016


# Sa Pagpunta Nila sa Lugar ng Muan Sweet Water, Naranasan Nila ang Kapangyarihan ng Diyos, Pagpapagaling, at Nakita Nila ang Espirituwal na Kaharian



Sa Exodo 15, naghagis si Moises ng kahoy sa mapait na tubig ng Mara, nawala ang pait ng tubig. Noong Marso 2000, dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na lumalampas sa lugar at panahon, nagbago ang lasa ng tubig mula sa dagat sa harapan ng Muan Manmin Church sa Muan, Jeonnam. Nasa Muan Sweet Water ang kapangyarihan ng Diyos; kapag iniinom ito o ipinapahid sa katawan o kapag lumulublob ang mga tao dito nang may pananampalataya, mararanasan nila ang kapangyarihang nagpapagaling, mga sagot sa panalangin, at mga biyaya.

Para sa taong 2016, may 1,000 pastor at mga mananampalataya mula sa mahigit 30 mga bansa ang dumalo sa Retreat sa Tag-init ng Manmin. Noong Agosto 11, bumisita sila sa probinsya ng Jeonnam kung saan makikita ang Muan Sweet Water. Nagpupunta dito ang maraming tao mula sa loob at labas ng Korea dahil ang tubig-alat sa harapan ng Muan Manmin Church ay naging tubig na naiinom dahil idinalangin ito ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee.

Para matupad ang minimithi ng mga puso nila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, mahigit sa isang libong tao ang lumublob sa Muan Sweet Water.

Sinabi ni Kapatid Wong Siaw Ping, 42 taong gulang, taga-Singapore, "Limang taon kong pinagdusahan ang pananakit ng ulo. Malabo ang paningin ko (farsighted), hindi ko mabasa ang mga letra. Pero pagkatapos kong maglublob sa Muan Sweet Water, nawala ang pananakit ng ulo ko at bumalik ang malinaw na paningin ko."

Sampung taong pinagtiisan ni Diakono Gyan Bahadur Rai, 43 taong gulang, taga-Nepal, ang pananakit ng tuhod niya. "Mayroon akong gout sa kaliwang tuhod ko. Palagi itong masakit at namamaga. Nahirapan akong maglakad. Nang tanggapin ko ang panalangin ng Punong Pastor para sa mga maysakit habang nasa retreat sa taginit sa taong ito, nawala ang pananakit. Nang maglublob ako sa Muan Sweet Water lubos na nawala ang pamamaga, naging kumportable ang pakiramdam ko. Magaan na ang pakiramdam ng mga binti ko pagkatapos ng sampung taong pagdurusa."

Gumaling din mula sa hindi maayos na pagdaloy ng dugo si Kapatid Anton Degu Sissay, 41 taong gulang, taga-Ukraine, at gumaling din ang varicose veins (namamagang mga ugat) ng asawa niyang si Kapatid Angela Okuma, 45 taong gulang (basahin ang patotoo sa pahina 4). Maraming tao ang gumaling mula sa pananakit sa ilang bahagi ng katawan, at mga karamdaman tulad ng pagtitibi, alipunga, at almuranas.

Sa Halamanan ng Muan Sweet Water, ipinadanas ang espirituwal na kaharian sa mga dumalo sa pamumuno ni Pastor Sungchill Lee. Sinabi ni Pastor Persiyal Rajadurai, 29 taong gulang, taga-India, "Dahil sa pagpapala ng Diyos, nakita ko ang isang krus na may araw sa gitna, mayroon ding limang talulot. Nadama ko ang presensya ng Diyos at nagalak ako sa nakita kong mga anghel sa paligid ko."

Nakakita ng mga pakpak ng anghel si Pastor Sarah Lau King Toh, 40 taong gulang, taga-Malaysia, at si Kapatid Kwangun, 12 taong gulang na taga-Singapore ay nakakita ng krus at pulbos na kulay ginto at pilak sa hangin. Maraming tao ang nakakita ng magagandang liwanag mula sa mga anghel, punong-puno sila ng pagpapala ng Diyos dahil sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

## "Naitataas Ko Na ang Kanang Braso Ko sa Ibabaw ng Ulo Ko!"

**Kapatid Josephine V. Crame, 88 taong gulang, Davao Manmin Church, Pilipinas**



Dalawampung taon ako nagtrabaho sa Saudi Arabia bilang nars. Nabanat ang kalamnan ko sa balikat dahil sa sobrang pagtatrabaho. Nagdulot ito ng matinding pananakit sa akin. Kahit umiinom ako ng medisina at nagpapagamot sa doktor, pansamantala lang nawawala ang sakit, bumabalik din ito. Ni hindi ko maitaas ang kanang braso ko sa ibabaw ng ulo ko.

Samantala, nagpunta ako sa Korea para dumalo sa Retreat sa Tag-init ng Manmin para sa taong 2016. Noong Agosto 3, dumalo ako sa pagpupulong sa manmin Prayer Center, tinanggap ko ang panalangin ni Presidente Boknim Lee. Nabawasan ang sakit na nararamdaman ko sa balikat ko, naitaas ko na ang braso ko. Noong Agosto 8, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit sa unang araw ng pagpupulong na may banal na pagpapagaling. Nawala ang pananakit ng braso ko, naigagalaw ko na ng normal ito pagkatapos ng 20 taon.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Siya mismo ang nagdala ng ating mga kasalanan sa Kanyang katawan sa punungkahoy, upang tayo'y mamatay sa mga kasalanan at mabuhay sa katuwiran; dahil sa Kanyang mga sugat ay gumaling kayo" (1 Pedro 2:24).

# Ang Kalooban ng Diyos Tungkol sa Matinding Pagpapahirap kay Jesus at sa Pagdanak ng Kanyang Dugo

Dumating si Jesus dito sa mundo sa katawang tao at inako ang lahat ng pagdurusa. Binuksan Niya ang daan patungo sa kaligtasan ng sangkatauhan sa ipinakita Niyang pagmamahal sa krus. Pag-aralan natin ang kalooban ng Diyos tungkol sa matinding pagpapahirap kay Jesus at pagdanak ng dugo nito.

## 1. Hinagupit ng latigo si Jesus, dumanak ang dugo Niya

Bago ipako sa krus si Jesus, hinagupit ang buong katawan Niya ng latigo. Malalim ang mga sugat Niya, makikita ang mga buto sa malalalim na sugat na tinamo Niya.

Nang hatawin ng latigo si Jesus ng isang bihasang sundalong Romano, pumulupot ng maraming beses ang latigo sa katawan Niya, winasak nito ang balat at laman Niya. May mga matutulis at matatalim na bakal na korteng kalawit sa dulo ng latigo. Nang hilahin ng sundalo ang latigo, may sumamang pirapirasong laman.

Bakit kailangang pagdaanan ni Jesus ang napakatinding pagdurusa at pagdanak ng dugo dahil sa paghagupit sa Kanya? Mababasa sa hulihang bahagi ng Isaias 53:5, "...sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling tayo." Si Jesus ay nilatigo at dumanak ang dugo Niya para pagalingin tayo sa iba't ibang klaseng karamdaman.

Sa Mateo 9:2, sinabi ni Jesus sa isang lumpo, "Anak, lakasan mo ang iyong loob, pinatatawad na ang iyong mga kasalanan." Sinabing nilutas Niya ang problema sa kasalanan bago Niya pinagaling ang lumpo. Sa Juan 5:14, sinabi ni Jesus sa isang lalaking maysakit, "Tingnan mo, ikaw ay gumaling na; huwag ka nang magkasala, baka may mangyari pa sa iyo na lalong masama." Ipinapaalaala sa atin nito na kahit nagsisi at tumanggap na tayo ng kapatawaran sa ating mga kasalanan, pero kung babalikan natin ang pagiging makasalanan, baka magkasakit pa tayo ng mas malala kaysa dati.

Dahil ang ugat ng karamdaman ay kasalanan, at kailangang dumanak ang dugo para gumaling ang karamdaman (Sa Mga Hebreo 9:22), pinalaya tayo ni Jesus sa lahat ng klase ng karamdaman sa pagpapahagupit at pagdanak ng Kanyang dugo.

## 2. Paniwalaan natin na hinagupit si Jesus para sa atin, patunayan nating nagtitiwala tayo dito

Sinasabi ng 1 Pedro 2:24, "...sa Kanyang mga sugat ay gumaling tayo," kaya kung sinuman ang maniwala na tinubos tayo ni Jesus mula sa ating mga karamdaman sa paghagupit sa Kanya at pagdanak ng dugo Niya, hindi na dapat maligalig ng mga kahinaan o karamdaman (Mateo 8:17).

May mga nagsasabi, "Kung minsan, nagkakasala ako, mahina kasi ako. Mahirap sundin ang Salita ng Diyos." Pero, tingnan natin ang sinasabi ng Kawikaan 18:21, "Ang kamatayan at ang buhay ay nasa kapangyarihan ng dila; at ang umiibig sa kanya ay kakain ng kanyang bunga." Kapag sasabihin ninyo, "Malakas ako at puspos ng Espiritu dahil sa pagpapala ng Diyos," kahit ano pa ang sitwasyon o kondisyon, tatanggapin ninyo ang pagpapala ng Diyos at ang kalakasan mula sa Kanya, hindi kayo mapapagod, at magiging 'posible' ang 'imposible' ayon sa pananampalataya ninyo.

Para tanggapin ang idinadalanging paggaling mula sa karamdaman, sa halip na sabihing, "Naniniwala ako na gagaling ako dahil sa panalangin," ganito ang dapat sabihin, "Naniniwala ako na pinagaling na ako," Kikilos ang Diyos ayon sa ipinapakita ninyong pananampalataya. Malamang, may mga magsasabing, "Paano ko sasabihing magaling na ako kung nasasaktan pa rin ako? Hindi ba pagsisinungaling ito?" Kung tama ang pagkakaintindi nila tungkol sa espirituwal na pananampalataya, madali nilang maiintindihan ito.

Gaya ng sinasabi ng Sa Mga Hebreo 11:1 sa atin, "Ngayon, ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan, ang paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita," ang pananampalataya ay hindi pagpapatotoo tungkol sa isang bagay na nakita ninyo; ito ay pagkaunawa at paniniwala sa mga bagay na hindi pa nakikita habang umaasa kayo sa mga ito ng may pananampalataya. Ang pagsasabi ng, "Naniniwala ako," na hindi nanggagaling sa puso ay hindi magiging daan para matupad ang mga bagay na inaasahan ninyo. Matutupad lang ang mga bagay na inaasahan ninyo kung mananampalataya at magtitiwala kayo.

Kung magtitiwala kayo nang taos-puso at sasabihin ninyong, "Dahil sa kapangyarihan ng Diyos, nawala sa katawan ko ang mga karamdaman at kahinaan," kikilos ang Diyos ayon sa pananampalataya ninyo. Kung hindi ninyo magawang magtiwala o magpatotoo tulad nito, mananatili ang mga karamdaman ninyo, iniisip pa rin ninyo, "Masakit pa rin ang katawan ko, Hindi pa rin ako gumagaling." Kung walang pananampalataya, lagi na lang kayong masasaktan at magdurusa. Dahil sa mga negatibong saloobin, hindi ninyo mararanasan ang kapangyarihan ng Diyos.

## 3. May mga nagsabing "Naniniwala ako" pero hindi gumaling

Kung patuloy na nagdurusa ang mga tao mula sa karamdaman kahit sinasabi nila na naniniwala sila na dumaan sa matinding pagpapahirap si Jesus at dahil dito tinubos Niya tayo mula sa mga karamdaman, ito ay sapagkat hindi sila nabubuhay ayon sa katuwiran ng Diyos.

Sinasabi ng Exodo 15:26, "Kung iyong diringgin ng buong tiyaga ang tinig ng PANGINOON mong Diyos, at iyong gagawin ang matuwid sa Kanyang mga mata, at iyong susundin ang Kanyang mga utos, at iyong tutuparin ang lahat ng Kanyang mga batas, wala akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay ko sa mga Ehipcio; sapagkat ako ang PANGINOON na nagpapagaling sa iyo."

Sa espirituwal na diwa, ang "Ehipcio" ay tumutukoy sa mundong tirahan natin at ang "sampung salot" na tumama dito ay tumutukoy sa lahat ng klaseng karamdaman na mayroon dito. Kung susundin natin ang mga utos ng Diyos, at mabubuhay tayo ayon sa mga ito, hindi tayo magkakasakit. Kahit magkasakit tayo, sa sandaling magsisi at magbago tayo, pagagalingin tayo ng Diyos.

Pero dapat kayong maging matuwid sa mata ng Diyos, hindi sa sarili ninyong pananaw. Magkakaiba ang pagiging matuwid ng bawat tao dahil magkakaiba din ang mga pangyayari at pinapahalagahan nila sa buhay. Nakabatay ito sa mga bagay na nakita, narinig, at natutuhan nila habang lumalaki sila. Maaaring isipin ng isang tao na "matuwid" siya, pero para sa iba, siya ay "hindi matuwid".

Ang mga bagay ay tunay na matuwid kung sasabihin ng Diyos na "matuwid" ito, at ang tanging pamantayan ay ang Salita ng Diyos na siyang katotohanan. Halimbawa, may isang batang umuwing umiiyak dahil binugbog siya ng ibang bata, nagalit ang mga magulang niya at sinikap nilang kausapin ang mga magulang ng mga batang bumugbog sa anak nila. Pero sinasabi sa atin ng katuwiran ng Diyos, "Kung ikaw ay sampalin ng sinuman sa kanang pisngi, iharap mo rin sa kanya ang kaliwa," "Hanapin ang kapayapaan," at "Ibigin kahit ang inyong mga kaaway." Maaaring parang natatalo kayo kapag susundin ninyo ang katuwiran ng Diyos, pero sa bandang huli, papahalagahan kayo ng Diyos at Siya ang magtataas sa inyo.

Baka iniisip ng iba, "Paano ko susundin ang lahat ng utos ng Diyos?" Hindi naman mahirap sundin at isabuhay ang mga utos ng Diyos. Kung magtitiwala kayo at paaalalahanan ang inyong sarili, "Palagi akong tinutulungan ng Banal na Espiritu, binibigyan ako ng Diyos ng pagpapala at kalakasan, magagawa ko ito," totoong magiging madali ito. Kung mahal ninyo ang Diyos at tutuon sa kaluwalhatian ng Langit at sa mga gantimpalang makakamit, hindi kayo mahihirapang sundin ang mga utos ng Diyos.

Kung iniisip ninyong, "Napakarami kong kasalanang dapat iwaksi, matatagalan bago ko maiwaksi ang lahat ng ito!" gumawa kayo ng listahan ng mga kasalanan na pinakamahirap sa palagay ninyo na maiwaksi. Ito ay ang mga kasalanang may pinakamalalaking ugat sa lupa, mas madaling bunutin ang may maliliit na ugat. Kapag lumakad sa Liwanag ang mga taong nasa dilim, magigiba ang pader ng kasalanan na pumipigil sa kanila patungo sa Diyos. Makakamit nila ang pananampalatayang tutulong sa kanila para magtiwala para maranasan nila ang kapangyarihan ng Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, dahil si Jesus ay hinagupit at dumanak ang dugo Niya, tinubos Niya tayo mula sa karamdaman at kahinaan. Dahil nakilala ninyo ang Panginoong Nagpapagaling, umaasa ako na lubos kayong magsisigaling mula sa inyong mga karamdaman at magiging masigasig kayo sa pagsunod sa mga utos ng Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin

# "Kahanga-hangang Pagpapakita ng Kapangyarihan, Pinakamagandang Lagay ng Panahon, Maayos na Pamamahala, at Nagkakaisang Pagmamahalan!"



Rev. Aleksandr Samonov,
Obispo ng Samahan ng mga Iglesyang Cristiano "Union of Christians" ng Kaliningrad Diocese (kaliwa)

Mula sa pangalawa sa kaliwa, Mr. Aleksandr Vlasov, Direktor ng ICCC sa Russia (International Christian Chambers of Commerce); Rev. Valerii Trenogin, Obispo ng Samahan ng mga Iglesyang Cristiano "Western Ural Mission"; at Rev. Vladimir Osipov, Obispo ng United Holiness Church of Jesus Christ, Russia


1

Nalaman ko ang tungkol sa Manmin mula sa Krusada ng Pagkakaisa na idinaos sa Russia noong taong 2003 (litrato 1). Noong panahong iyon, magulo at hindi matatag ang Russia, at hindi nagkakaisa ang mga iglesyang Protestante. Dahil sa krusada, nagkaisa sila. Kaya lang, hindi pa nagkakaroon ng ganitong klaseng krusada sa bansa hanggang ngayon.

Sa krusada na idinaos sa Russia, nakita ko ang makapangyarihang pagkilos sa pamamagitan ni Dr. Lee. Tandang-tanda ko pa ang mga taong nagpatotoo tungkol sa kanilang paggaling, niluwalhati nila ang Diyos.

Magmula noon, naging interesado na ako sa ministeryo ng Manmin. Kamakailan lang, nakilala ko si Rev. Vladimir Osipov, narinig ko sa kanya ang tungkol sa ministeryo ni Dr. Lee na gigising sa buong mundo, kabilang ang Russia, sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ebanghelyo ng kabanalan. Nagkaroon ng mainit na paghahangad sa puso ko ang ministeryong ito dahil matagal na kaming naghintay ng isang pastor na nangangaral ng ebanghelyo ng kabanalan at nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos. Ito ay sapagkat nabubuhay tayo sa panahong malapit ng magwakas at laganap ang kasalanan. Hindi na mababanggit sa mga iglesya ang tungkol sa pagiging banal. Hanggang sa naisaayos namin ang nagkakaisang konseho ng mga iglesya, tinawag namin itong All Nations.

✦


2

Para makita at maranasan namin ng personal ang ministeryo ng Manmin na nangangaral ng ebanghelyo ng kabanalan at nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos, sumama kami sa Retreat sa Tag-init ng Manmin para sa taong 2016. Batid na namin ang ebanghelyo ng kabanalan sa pagbabasa namin ng mga libro ni Dr. Lee at panonood ng mga video tungkol dito. Dama namin kung gaano kasigasig ang mga miyembro ng Manmin para magpakabanal at magsakripisyo. Nabigla kami nang makita namin ang mga miyembrong nananalangin tuwing gabi sa pulong-panalanging Daniel. Natanto namin na dapat namin ipakita sa buhay namin ang ebanghelyo ng kabanalan, hindi sapat na manatili itong kaalaman lang.

Bukod dito, tumanggap kami ng malaking pagpapala nang makita namin kung gaano kamahal ng mga miyembro ang Diyos, ang Panginoon, at ang pastol. Naantig ang damdamin namin sa katapatan at pagmamahal ni Dr. Lee para sa Diyos at para sa kawan niya, mula sa maliliit na bata hanggang sa matatanda.



3

Sa unang gabi ng retreat, maraming tao ang magkakasabay na gumaling, nagpatotoo sila tungkol dito. Nang dumating kami sa Seoul, napakainit ng panahon, hindi pa namin naranasan ang ganito kainit kahit tag-init sa Russia. Pero nakakamangha, hindi mainit sa lugar na pinagdadausan ng retreat, tamang-tamang magdaos ng seminar (litrato 2).

✦

Sa pangalawang araw, idinaos ang palaro. Nakakabilib isipin kung paano naisaayos ng isang iglesya ang isang palarong may magandang sistema (litrato 3). Nadama ko rin ang kapangyarihan ng Diyos sa malamig na simoy ng hangin, sa mga ulap, at banayad na temperatura. Ang pinakanakakamangha ay ang pagkakaisa ng mga miyembro. Walang nagpakita ng hindi maganda. Lahat sila ay masaya at nagkakaisa sa pagpapala ng Diyos.

✦


4

Hindi ko maipaliwanag sa salita ang nadama ko sa pagsamba at papuri na idinaos sa may camp fire sa huling araw. Hindi ko pa naranasan noon ang napakalaki at napakagandang entablado, ang musika, ang napakagandang pailaw, at ang mainit na sigaw ng pagpupuri ng mga dumalo (litrato 4). Bukod dito, si Dr. Lee mismo ang nanguna sa pag-awit ng papuri kahit siya ang punong pastor ng malaking iglesyang ito. Damang-dama ko ang pagpapakumbaba at pag-ibig niya.

✦

Noong Miyerkules ng hapon, umakyat kami sa bundok sakay ng gondola para tingnan ang mga tutubi at ang napakagandang kalikasan sa kapaligiran. Nakarating kami sa tuktok ng bundok pagkatapos maglakad ng 600m. Medyo sumakit ang mga binti ko dahil hindi ako sanay maglakad at hindi ako nageehersisyo, hindi rin ako natunawan kaya sumakit ang tiyan ko. Pero nang tumalon ako at nagpuri sa papuri at pagsamba sa camp fire, nawala ang pananakit ng mga binti ko. Nang manalangin si Dr. Lee sa kalagitnaan ng papuri at pagsamba, nawala din ang sakit ng tiyan ko.

Tatandaan ko ang mga bagay na nakita at natutuhan ko. Magsisikap ako para muling sumigla ang Russia sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kabanalan. Hallelujah!



# Kamangha-manghang Muling-paglikha, Nakarinig ang Bingi!

Dahil sa pananalangin ni Dr. Jaerock Lee, maraming mga binging nakarinig. Noong taong 2015, sa Retreat sa Tag-init ng Manmin, nakarinig ang 27 sa 28 na mga binging dumalo. Bukod dito, marami ring binging nakarinig dahil sa panalanging may panyo.

Sa Retreat sa Tag-init ng Manmin sa taong 2016, may dumating na 29 mga bingi. Nagmula sila sa France, Germany, Faroe Islands, Denmark, India, Malaysia, at Thailand. Pinaghandaan nila ang retreat, hindi sila kumain ng agahan sa loob ng 40 araw bilang pag-aayuno at gabi-gabi nilang dinaluhan ang pulong-panalanging Daniel.

Habang ginaganap ang Banal na pagpapagaling sa unang gabi, tinanggap nila ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit. May mga nagsabing nakaramdam sila ng init, lamig, at ang iba naman ay parang nakuryente habang nananalangin. Nakakarinig na agad ang iba sa kanila ang iba naman ay dahan-dahang nagkakaroon ng pandinig.

Sa Retreat sa Tag-init ng Manmin noong taong 2015, nagkaroon ng ng pandinig si kapatid Liew Kar Luck, 23 taong gulang, taga-Malaysia. Pero sa retreat para sa taong ito, mas bumuti pa ang pandinig niya sa magkabilang tainga, nakapagsalita pa siya ng kaunti. Ang Malaysian-Chinese na Diakonesa na si Li Ying, 50 taong gulang, ay gumaling mula sa pagkabingi ng kanang tainga noong nakaraang taon. At sa taong ito, mas maraming tunog pa ang naririnig niya.

Nag-init ang magkabilang tainga ni Kapatid Beate Geisselsoeder, 47 taong gulang, taga-Germany, pagkatapos, nakarinig na siya. Gumaling din ang mga sugat at pananakit na naging epekto ng operasyon niya sa thyroid.

Sa nakaraang retreat, naramdaman ni Kapatid Hans Weihe Hansen, 31 taong gulang, taga-Faroe Islands, na bumukas ang kaliwang tainga niya. Sa retreat sa taong ito, mas bumuti ang pandinig ng taingang ito at nagsimula na ring makarinig ang kanang tainga niya. Nakarinig ang kanang tainga nina Kaptid Umesh Grover, 44 taong gulang, mula sa India, at ni Kapatid Pascal Pawlikowski, 48 taong gulang, taga-France.

Sa retreat na idinaos sa taong ito naranasan ang pagbuti ng pandinig nina Kapatid Jytte Dahl, 58 taong gulang, taga-Denmark; Kapatid Siwapong Tasa, 24 taong gulang, taga Thailand; Kapatid Preeshan Thas Baskarathas, 28 taong gulang, Kapatid Liew Kar Fond, 23 taong gulang, Kapatid Ooi Hong Hooi, 38 taong gulang, Kapatid Chuah Soo Beng, 49 taong gulang, Kapatid Foo Lun Leong, 23 taong gulang, Kapatid Lim Sze Kee, 16 taong gulang, Kapatid Eng Lee, 50 taong gulang, at Kapatid Lim Soon Siong, 21 taong gulang, mula sa Malaysia.

Sa mga miyembrong Koreano, si Diakonesa Hyejin Cho, 47 taong gulang, ang nakaranas ng pagbuti ng pandinig ng kanang tainga, hindi na kailangan ang hearing aid, naging malinaw din ang pagsasalita niya. Nakarinig naman ang magkabilang tainga ni Diakonesa Youngsuk Cha, 67 taong gulang. Sina Diakonesa Jungsuk Lee, 45 taong gulang, at si Miok Cheong, 48 taong gulang, na parehong nakaranas ng pagbuti ng pandinig noong nakaraang retreat ay mas bumuti ang pandinig ngayon, mas malinaw at mas maraming tunog na silang naririnig.

# "Umapaw ang mga Biyaya ng Diyos nang Marinig Namin ang Salita Niya sa Manmin"



### Kapatid Anton Degu Sissay, 41 taong gulang, Kharkiv, Ukraine

Ang aking asawang si Angela at ako ay nakarinig ng balita tungkol sa mga mensahe ni Dr. Jaerock Lee sa TBN Russia. Pinakinggan namin ang mga sermon niya sa website ng Manmin Central Church www.manmin.org at nagsikap kaming sundin ang kalooban ng Diyos. Habang sumusunod ako sa tamang daan, lumago ang negosyo ko at nagkaroon ako ng biyayang pinansyal.

Lahat ng walong miyembro ng pamilya ko ay nananalangin, nagbabasa ng isang kabanata mula sa Biblia bawat araw, at nagsasaulo ng isang talata tuwing umaga. Naghahandog din kami ng tatlong araw na pag-aayuno bawat buwan kasama ang anak naming babae, maliban na lang sa isang anak kong anim na taon pa lamang. Naranasan namin ang pag-ibig ng Diyos dahil dito.

Ang anak kong lalaki na si Philipp ay nag-aaral ng computer engineering sa isang unibersidad. Kamakailan lang, nabigyan siya ng visa papunta sa Estados Unidos, mahirap makakuha nito dito sa Ukraine. Ang anak na babae ko naman na si Suzanna ay nag-aaral ng Medisina sa isang unibersidad. Nang gamitin niyang gabay sa pag-aaral ang sermon ni Dr. Lee tungkol sa mga paraan sa pag-aaral ng mabuti (Keys to Studying Well), napili siya para maging iskolar.

Nagsisikap kaming buong pamilya na ibigin ang Diyos ng higit sa lahat at mabuhay ayon sa katotohanan na umaasa sa Bagong Jerusalem, ang pinakamagandang tirahan sa langit. Samantala, pinaghandaan naming mag-asawa ang Retreat sa Tag-init ng Manmin para sa taong ito, 2016. isang taon naming hinangad na makadalo dito. Damang-dama na namin ang dakilang pag-ibig ng Diyos habang papunta kami sa Korea.

Ang sinakyan naming eroplano mula sa Ukraine patungo sa Korea ay dumaan sa Dubai. Kung nasunod ang unang plano at dating oras, hindi kami nakaalis dahil nagkaroon ng aksidente sa Dubai Airport. Pero niloob ng Diyos na makaalis kami ng mas maaga para makarating kami sa Korea nang walang problema. Nagkaroon kami ng pagkakataong makibahagi sa retreat sa tag-init.

Agosto 2 kami umalis sa Ukraine at dumating kami sa Korea kinabukasan, Agosto 3. Hindi nagamit ang buong Dubai Airport buong araw ng Agosto 3. Kanselado lahat ng biyahe mula Ukraine patungo sa Dubai. Hindi nakabalik sa Ukraine ang eroplanong sinakyan namin. Kung hindi napaaga ang pag-alis namin, hindi kami nakadalo sa retreat.

Puspos ako ng pagpapala at emosyon sa retreat. Kahit matindi ang init sa buong bansa, malamig ang simoy sa lugar ng retreat. Maulap ang kalangitan, malamig ang simoy ng hangin, at may mga tutubing dumadapo sa balikat at mga daliri ko. Maraming gumaling mula sa mga karamdaman dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Habang nakikita ko ang lahat ng kapangyarihang ito, nagkaroon ako ng pananampalataya para magpakabanal.

Idinaos ang palaro sa napakagandang lagay ng panahon, damang-dama ko ang pagkakaisa ng buong Manmin. Sa papuri at pagsamba sa may camp fire, napuno ako ng pag-ibig ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol, mas lumaki ang pag-asa ko para sa Langit. Sa huling araw ng retreat, pumunta kami sa lugar ng Muan Sweet Water. Nakakita ako ng hindi mabilang na mga anghel at malagintong liwanag. Pagkatapos naming mag-asawang lumublob sa Muan Sweet Water, dumaloy ng maayos ang dugo sa mga ugat ko at gumaling ang namamagang mga ugat (varicose veins) ng asawa ko. Hallelujah!


**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714